


MGA MADALAS NA KATANUNGAN SA IMINUMUNGKAHING PARADAHAN SA COLUMBIA CITY – MGA NEGOSYO

Ang Seattle Department of Transportation (SDOT) ay namamahala sa paradahan at trapiko sa mga kalye ng Lungsod. Nagpalabas ang SDOT ng mungkahi ng mga pagbabago paradahan sa may Rainier Avenue at kalapit nito sa Columbia City. Ang mga detalye ng mungkahi ayon sa kalye ay ipinapakita sa mapa.

Paano makakabiyahe ang mga empleyadong hindi nakatira sa malapit kasunod ng mga iminungkahing pagbabago?

- Ang transit ay maaaring isang opsyon para sa ilang mga empleyado. Ang link right rail ay dumadaan mula 5AM hanggang 1 AM tuwing Lunes hanggang Biyernes. Ang area ay dinadaan rin ng King County Metro na ruta na 7, 9, 50, at 106. Ang ilang mga empleyado ay maaaring kuwalipikado paa sa ORCA LIFT na nagbibigay oportunidad na makatipid sa fare ng hanggang 50% sa King County Metro, Sound Transit Link Right Rail, at iba pang mga regional na transit.
- Puwedeng dumaan at pumarada (drive and park) sa mga sumusunod na lokasyon:
 - Pumarada sa mga RPZ 29 na area. Para sa mga negosyo na napapaloob sa mga iminungkahing pagpapalawak sa Resitricted Parking Zone (RPZ) na area, maaaring bumili ang mga employer ng mga permiso ng RPZ para sa mga empleyado nito. Kabilang sa area ang Rainier Ave S at mga daming kalye sa pagitan ng S Dawson St at S Angelina St. Ang Permiso ay kasalukuyang nagkakahalaga ng \$65 at balido ng dalawang taon. Ang application form ay maaaring makumpleto at lagdaan ng mga may-ari ng negosyo o kinatawan. Ang impormasyon ay available sa www.seattle.gov/transportation/parking/lightrail_biz.htm. Ang Permit Counter ng RPZ ng SDOT ay matatawagan sa 206-684-5086.



Mga Iminumungkahing Pagbabago

- May Bayad, \$1/hr, 8 AM – 8 PM Lunes-Sabado, 2 hr Limit (80 espasyo)
- RPZ, 7 AM-6PM, Lun-Biy, 2 oras malibang may permiso (390 espasyo)
- Walang Bayad per May Limitasyon sa Oras, 2 oras 7 AM – 6 PM Lunes - Sabado (40 espasyo)
- Karatula na No Parking
- Magtakda ng Turn-Out na Mga Lugar
- Gawing ang sang Espasyo ay para Lang sa Pagsasakay ng Pasahero 5 PM – 2 AM
- Magdagdag ng Bagong RPZ 29 Espasyo na Paradahan



Seattle
Department of
Transportation

- Ang buwanan o arawang hindi sa kalye na paradahan sa may pribadong area ay maaaring magamit
- Ang mga paradagan na walang mga restriksyon. Walang pagbabago sa paradahan na iminungkahi ng higit sa 2-3 block mula sa Columbia City business district. Ang pagpaparada sa karamihan sa mga kalyeng ito ay mananatiling 'walang restriksyon' ng mga limitasyon sa oras o iba pang mga regulasyon. Ang kasalukuyang regulasyon sa pagpaparada ay makikita sa Seattle Parking Map sa <http://web6.seattle.gov/sdot/seattleparkingmap/>.

Paano ito makaka-apekto sa pagpaparada ng mga kostumer/bisita?

- Ang mga pagbabado sa paradahan (mga limitasyon sa oras at may bayad na pagpaparada) ay ginagawa para maparami ang mapaparadahang lugar at ang pagpapalit ng mga sasakyan na nakaparada sa mga kalye na may negosyo sa business district upang mapahusay ang paraang makapasok ng mga kostumer at bisita. Ang mungkahi ay nagpapalit sa halos 80 mga espasyo na may limitasyon sa oras sa puso ng Columbia City at gagawing mga may bayad na lugar na paradahan. Ang limitasyon sa oras ay mananatiling 2 oras, na may posibilidad na bumili ng 3 oras simula sa oras na 5 PM. Ang unang rate ay \$1 kada oras, na may mga rate na ipapatupad mula 8Am hanggang 8PM, Lunes hanggang Sabado. Ang pagpaparada ng lampas sa isang block mula sa Rainier ay mananatiling libre.

Paano ako makakahiling ng isang pagbabago sa load zone (lugar ng babaan/sakayan) o makapagbigay ng mga partikular na komento at ikinababahala?

- Sumagot sa aming online na kuwestiyonaryo sa www.surveymonkey.com/r/SDOTCC bago ang Pebrero 27, 2017.
- Makipag-ugnayan sa amin sa Columbiacityparking@seattle.gov o 206-733-9026

Ano ang susunod na mangyayari?

- Plano ng SDOT na magpalabas ng panghuling plano para sa mga pagbabago sa lugar ng paradahan sa Abril 2017 at posibleng ipapatupad ang mga pagbabago sa fall 2017.